

Ang Prepekturang Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now"sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon matapos maganap ang sakuna, kahit na sa pama-magitan ng palitang panginternasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon. Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.

Noong taon ng 2011 buwan ng Abril ng umpisa sa pamagat na 「Magkaisa Fukushima」na ngayon ay kilala sa pamagat na「Fukushima NOW」 ay ipublish ang ika-3 edisyon na ang paksa ay tungkol sa pamamaraan ng rekonstruksyon at rebitalisasyon ng prepektura ng fukushima. Ang ika-2 bahagi ay tungkol sa naganap na Great East Japan Earthquake and Nuclear Disaster Memorial Musuem.



Ikunekta sa hinaharap ang karanasan ng Fukushima

Ng maganap ang Great East Japan Earthquake at Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant disaster ay mag sasampung taon na ang nakalilipas ngayon taon ng Septyembre 20, sa bayan ng Futaba ay binuksan ang Great East Japan Earthquake · Nuclear Disaster Memorial Museum. Sa Memorial Museum ay,

①Nakatala ang rekord ng sakuna sa plantang nukleyar at rekord ng rekonstruksyon o kaya nakuhang leksyon na may pamagat na「Pamana para sa darating na panahon · pagbabahagi sa sanlibutan」

②Ang mga karanasan at naidulot na aral sa Fukushima ng maganap ang sakuna sa plantang nukleyar 「Pag-iwas · Pagbabawas ng panganib sa sakuna」

③Ang pakikipag kooperasyon sa mga tao at grupong nagmamalasakit sa fukushima, tulad ng samahan ng Komunidad o kultura · pamumunbalik ng tradisyon, ang pag training ng human resources para sa rekonstruksyon 「Kontribusyon para mapabilis ang muling pagkabuhay」

Mayroon kaming 3 saligang panuntunan.

Magbuhat ng bukasang Memorial Museum ay 46 araw na ang nakalilipas at 20,000 katao na ang bilang ng pumapasyal, may exhibition booth, storyteller

(tagapagsalaysay) ※Pag papalaganap ng impormasyon gamit ang pasilidad tulad ng pakikipanayam na may malaking nagagawang tulong at inaasahang ipapahayag ang mga karanasan sa susunod na henerasyon.

※ Dito ay tinutukoy ang nagpapahayag ng kanyang karanasan at mula sa kanyang naranasan ay ibinabahagi ang katutuhanan at kung ano ang nilalaman ng kalooban ng maganap ang mapakalakas na lindol at ng sakuna sa plantang nukleyar para sa kinabukasan ng Fukushima.



Larawan sa itaas: Panlabas na itsura ng Memorial Museum, larawan ng ibabang kaliwa: Interyor ng Exhibition booth (Futaba Town Nuclear Public Relations Tower at iba pa), larawan ng ibabang kanan: Materyales ng exhibition (Pampalakas loob na mensahe mula sa ibang bansa)



Great East Japan Earthquake · Nuclear Disaster Memorial Museum business division Ms. Yuka Kai

Noong junior high school ako ay naranasan ko ang sakuna sa Okuma town, ngayong taon ay naging staff ako ng Great East Japan Earthquake · Nuclear Disaster Memorial Museum. Ako ang naatasan sa event at original goods ng Memorial Museum.

Q Paki pahayag kung ano ang ginagampanang papel ng Memorial Museum

Dalawa ang ginagampanang papel ang Memorial Museum, ang pagpapanatili ng kasaysayan ng nakaraang lindol at ang nagpapahayag ng mga impormasyon at pamamaraan kung papaano maipanumbalik ang pamumuhay. Sa Memorial Museum, maliban sa exhibition ay may panukala din sa pag training, survey at pag sasali, may iba't ibang larangan na puwede mong dulugan para ikonekta sa dalawang ginagampanang papel.

Q Paki salaysay sa amin ang tungkol sa programa ng training

Sa pamamagitan ng training ay may layunin itong ipaalam ang kasalukuyang kalagayan ng muling pagbangon ng fukushima, at ang mga tinatahak na problema. Ito ay may 5 nilalaman, guidance, exhibition booth, storyteller, field work na sasakay ng bus at lilibot sa sementeryo ng Ohirayama at istasyon ng Futaba, at ang balik tanaw workshop. Tumatanggap ng 20~240 katao, para sa magiging karagdagang bilang ay puwedeng komunsulta.

Q May kalugod lugod bang nangyari sa buhay mo ng makasali sa trahabong ito?

Ng buksan ang museum noong Septyembre 20. Ako din ang naatasan sa pag gawa ng uniporme ng mga staff, kaya masaya ako ng magkaroon ng anyo ang aking pinaghirapan.

Q Lugar na gusto mong pasyalan ng mga bibisita.

Ang storyteller na 4 na beses isinasagawa sa 1 araw. Dahil dito ay ang mismong nakaranas ng pamumuhay sa nilikasang lugar ang nagkukuwento ng kanilang karanasan.

Voices from Fukushima

Sumali sa mga gawain na may koneksyon sa komunidad

Ms. Janet Pille Yamasaki

(Mula sa lunsod ng Manila Pilipinas • Kasalukuyang nakatira sa lunsod ng Fukushima)

Noong taon ng 2019 buwan ng Disyembre hanggang ngayon ang bilang ng mga naninirahang Filipino sa loob ng prepektura ng Fukushima ay umaabot sa bilang na 2,719 katao. Pinangungunahan ng Intsik pinangangalawahan ang Vietnamese at pangatlo naman ang Filipino mula sa (『Fukushima Prefecture Globalization Information/International Affairs Division』). Ang 「HAWAK KAMAY FUKUSHIMA」 ay samahan ng mga Filipino na naninirahan dito sa Fukushima. Ang pakikipanayam sa kay Ms. Janet na naihalal na president ngayong taon. (Araw ng pakikipanayam: Oktubre 27)



- Paki salaysayan kami tungkol sa 「Hawak Kamay Fukushima」

Nang maganap ang Great East Japan Earthquake upang mapalawak ang network ng mga Filipino, noong taon ng 2011 buwan ng Abril ay naitayo ang Hawak Kamay. Ako ay nanirahan sa Fukushima matapos maganap ang malakas na lindol at makalipas ang 2 taon ay sumali ako sa hawak kamay. Ang kauna-unahang aktibidad ng mailunsad ang samahang ito ay ang pagluluto ng pansit bihon sa evacuation center, sa pansamantalang pabahay naman ay nagluto din kami ng pansit bihon, kumanta ng Pilipinong awitin at sumayaw. Gumawa din kami ng flyers sa wikang Tagalog.

- Nakaramdam ka ba ng kaibahan ng Pilipinas sa Fukushima ng dumating ka dito noong taon ng 2016?

Ang matibay na kaseguraduhan ng sistemang medical. Nang una kong makita ang paghinto ang mga sasakyan para padaanin ang ambulansya sa oras ng emergency ako ay nabigla at humanga. Sa lunsod ng Manila kung saan ako ay nanirahan, ay napaka tindi ng trapik, para sa akin magiging maganda ang daloy ng trapiko sa oras ng emergency kung kikilos kagaya ng bansang Hapon. Pinahahalagahan ng mamamayang Pilipino ang pag gugol ng oras sa pamilya at matibay ang pagnanais na protektahan ang pamilya.

- Kasalukuyan anong aktibidad ang ginagawa ng Hawak Kamay?

Ang “Hawak Kamay” ay “Te o Tsunago” kapag isinawikang Hapon. Binabalak kong gumawa ng hakbang na may koneksyon sa komunidad sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila. Noong nakaraang taon ay isinagawa namin ang Krismas party sa home for the aged, kasakasama namin kumanta ang ang mga lolo at lola na lubos nilang ikinalugod maging namin. Ngayong taon dahil sa epekto ng COVID ang paggawa ng aktibidad ay maraming limitasyon, kaya kung ano ang puwedeng gawaing aktibidad ang siya kung balak gawain.

Scenes of Fukushima

Konsultasyon sa espesyalista para sa mga dayuhang residente (isponsor: Fukushima International Association)

Para sa konsultasyon ng mga dayuhang residente ng prepektura ng Fukushima kasama ang kanilang pamilya ay ang propesyonal na abogado at administrative scrivener ang siyang sasagot sa inyong mga katanungan sa pamamagitan ng telepono. Libre ang konsultasyon (charged sa pagtawag sa telepono ay sa kokonsulta ang singil), ang sekreto ay pananatiliing lihim. Ang may balak kumonsulta ay kinakailangang kumuha ng paunang aplikasyon. Para sa karagdagang detalye ay sumangguni sa Fukushima International Association.

<Legal na konsultasyon sa pamamagitan ng telepono>

Nilalaman ng pagtanggap: Legal na konsultasyon tungkol sa pamumuhay.

Panahon ng aplikasyon: Enero 5~Enero 26

<Konsultasyon sa administrative scrivener sa pamamagitan ng telepono>

Nilalaman ng pagtanggap: Konsultasyon sa pagproseso ng emigration at immigration, tirahan, nasyonalidad at ibapa

Panahon ng aplikasyon: Pebrero 2~Pebrero 24

Tagapaglathala

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎ 024-524-1315 📠 024-521-8308

✉ info@worldvillage.org

🌐 <http://www.worldvillage.org>

Facebook <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter https://twitter.com/fia_info

Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa “Fukushima Restoration Station” iba’t ibang wika

Sa Fukushima Prefecture official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site “Fukushima Restoration Station” ay naglunsad ng pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 10 na wika. <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>

May naukol sa 11 wika.

- Tanggapan sa pagtulong para sa mga dayuhang residente -

Hapon • Ingles • Intsik • Koreano •
Tagalog • Portugese • Vietnamese •
Thai • Nepal • Indonesia • Espanyol

**Lingo-linggo mula Martes~Sabado
alas 9:00 a.m~5 : 15 p.m.**

Paki padala po ang inyong comments o panukala

Ikinagagalak po naming marinig ang inyong opinyon o panukala. Paki padala po ang impormasyon tungkol sa paksa na gusto ninyong ipahayag o kaya naman ay impormasyon tungkol sa mga taong gustong mainterview.

